SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 01/09/24 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN RECORDED By: 08 JAN 2024 Santa Cruz, Laguna

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ Pangulo – SK Pederasyon |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 418-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAHIHINTULUTANG MAKAPAGTINDA SA MAGKABILANG PANIG NG DAANG REGIDOR MULA SA SOUTH EMERALD HANGGANG SANTISIMA CRUZ ELEMENTARY SCHOOL AT CHRISTMAS TIANGGE SA DAANG FALCON AT DAANG REGIDOR SIMULA DISYEMBRE 18 - 25, 2023; SA DAANG TOBIAS SA MAY DATING MATADERO, ANG TINDAHAN NG PAPUTOK, MULA DISYEMBRE 29 – 31, 2023 PARA SA SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may kahilingan ang Pambayang Administrador na may petsa Nobyembre 17, 2023 na makapaglagay ng paninda/tiangge para sa pagdiriwang ng Christmas 2023 gaya ng sumusunod :

| | | |
|---|---|---|
| Disyembre 18-25, 2023 | - | Christmas Tiangge mula Daang Regidor mula sa South Emerald hanggang Santisima Cruz Elementary School |
| Disyembre 29-31, 2023 | - | Fire Works Tiangge sa Daang Tobias sa may dating matadero |

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat sa Lupon sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop at Lupon sa Transportasyon at Komunikasyon para sa kanilang pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri ay inirekomendang pagtibayin ang Christmas Tiangge.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Lea A. Almarvez (Kasapi ng Lupon sa Pamilihang Bayan at Katayan ng mga Pagkaing Hayop), na pingalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Mark Anthony M. Juangco at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pahintulutang Makapagtinda sa Magkabilang Panig ng Daang Regidor mula sa South Emerald hanggang Santisima Cruz Elementary School at Christmas Tiangge sa Daang Falcon at Daang Regidor simula Disyembre 18 - 25, 2023; sa Daang N. Tobias sa may dating Matadero, ang Tindahan ng Paputok, mula Disyembre 29 – 31, 2023 para sa sa Bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran, Tagapamahala ng Pamilihang Bayan, Sangguniang Barangay ng Poblacion V, Pangulo ng Magtitiangge, at mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

01022404